



Ang pananaw ko sa kasalukuyang pagpapalaki sa mga bata

Sa isyung ito ng Mimitaro atin nakapanayam si Bb. Liu Ying Tagapagsalin at Titser ng wikang Intsek (Mandarin)



Nung nasa unang taon ako sa junyur hayskul, lumipat kami ng Japan bilang pamilyang hapones na naiwan sa Tsina. Nung ako ay nasa unibersidad kumuha ako ng pangunahing kurso sa wikang

hapon at muli kong pinag aralan ang kinagisnan kong salita sa Tsina. Kasalukuyan nagtrabaho ako bilang isang tagapagsalin -salita at tagasalin-wika. Malaki na rin ang 2 anak kong lalaki, bilang magulang nakarating na rin ako sa tiyak na punto ng aking paglalakbay. Paminsan-minsan tumutulong ako bilang tagapagsalin-salita sa mga pag aaral sa pagpapalaki ng mga bata. At kung isasalamain ko ang aking mga naging karanasan, ngayon ko napagtanto ang mga hirap sa pagpapalaki sa mga bata na iba ang kultura.

Ang kultura ng pagpapalaki sa mga bata ay iba-iba, Ito ay sumasalarawan sa lipunan ng panahon, depende sa bansa at henerasyon. Habang lumalaki ako nun sa Tsina, kaugalian ng mga magulang na paluin ang kanilang mga anak bilang pagdidisiplina sa mga ito, iiyak at hihingi ng patawad ang mga bata na karaniwang kaugaliang sinusunod, klaro sa mga magulang at anak ang kanilang katayuan at naiintindihan nila iyon bilang pagmamahal ng magulang sa kanila. Nagbago na ang panahon ngunit ang mga kabataan sa Tsina ay pinapalaki pa rin sa mahigpit na tuntunin. Sa Japan hindi mo na makikita ang mga batang pinapatayo sa paseleyo ng paaralan bilang parusa, pinahalalagan ang karapatang pambata at trinatrang kapantay. Dahil sa pagkakaiba ng kultura sa pagitan ng 2 bansa ang mga gawi na isinasaalang-alang natin na karaniwan lamang, tulad ng sobrang higpit na pagdisiplina sa mga bata o ang parusang patayuin sa labas ng bahay ay makakapagdulot ng di inaasahang problema sa Japan, tinitingnan din ito bilang isang kaso ng pang aabuso. Bagama't mahalaga na mapanatili ang aspeto ng kultura sa tahanan, may mga kaugalian din na hindi angkop sa ating pamumuhay dito, kaya't napakahalagang iangkop ang mga batas at kaugalian ng Hapon. Malaking tulong ito para sa mga bagong henerasyong nagpapalaki ng mga bata na may lugar silang madaling mapagkukunan ng mga impormasyon at makapagkonsulta patungkol sa pagpapalaki ng mga bata, at maari din makisalamuha sa bawat isa ang mga magulang.

Kapag nagsasalin- salita ako sa mga pag aaral patungkol sa pagpapalaki ng mga bata may nakakausap akong mga magulang at mga batang nahaharap sa iba't ibang pagsubok.

Mabusising inaalang ng tagapayo ang bawat problema at pinapayuhan sa pag asang muling maisaayos ang relasyon. May mga magulang na may malalim na saloobin sa kanilang mga anak ngunit hindi nila ito maipahiwatig ng maayos kung kaya't dahil dito hindi sila makabuo ng magandang relasyong anak at magulang. Sa mga ibang kaso naman, iniisip ng magulang na naibigay na nila lahat sa kanilang mga anak subalit ang totoo ay naghahanap lamang ng isang mapayapang tahanan at isang mapagmahal na ina. Sa ganitong sitwasyon, ang makausap ang mga magulang na muling inaaral ang pagpapalaki sa mga bata ay nakapagbigay-liwanag sa akin sa kahalagahan ng suportang pang-magulang -bata.

Ang mga naging karanasan ko sa konsultasyon para sa pag aaral sa pagpapalaki ng mga bata ay nagbigay sa akin ng pagkakataong sariwaing-muli ang mga naging karanasan ko sa pagpapalaki ng mga bata, hindi ko man mababago na ang kahapon, naniniwala akong naging mahigpit akong ina, hindi ko man nagawang lubos na magtiwala at masubaybayan sila sa pagpatuloy ko sa kinagisnang klase ng pagpapalaki sa akin. lalong-lalo na nung maliliit pa sila, nawalay ako at wala ni isa na nakadaupang-palad, kaya kahit na ginagawa ko na ang lahat ng makakaya ko hindi ko magawang maging masaya. kumpara sa iba, nagtataka ako kung bakit? “Ang pagpapalaki ko ay hindi maayos?” nabalisa ako tungkol dito. At nung panahong nagbibinata na ang mga anak ko, mapanghamon ang anak ko, palaging taliwas sa lahat ng sasabihin ko, may mga panahong mahirap makausap ng matino. Ngayong naiisip ko ang mga ito, mahalaga pala sa pagpapalaki sa mga bata ang mga panahong iyon. At kung nasa loob ka sa sitwasyong iyon parang ang labo ng mga susunod, pero kung may determinasyon ka, kahit gaano man kasakit malalampasan mo rin ito. Minsan natanong ko ang aking anak, kung ano ang gusto niyang gawin ko nung nagrerelbelde siya? Ang hindi ko inaasahang sagot niya ay “nais niyang ituring siyang kapantay bilang kaibigan”. Napagtanto kong may agwat sa pagitan namin bilang kung ano ang gusto niya at sa paraan ko sa pagpapalaki ng mga bata. Pero sobrang masaya ako dahil sa wakas nagkaroon na rin kami ng pagkakataong makapag usap-usap at nalagpasan na namin ang mga pagsubok na mga panahong iyon.

Habang papatapos na ang hamon ko sa pagpapalaki sa mga bata. Patuloy pa rin ang pagiging “Ina” ko. Maging masaya sa susunod na yugto, ang magkapantay na relasyon. Hindi man ako naging ulirang ina sa pagpapalaki sa mga bata, naipakita ko at naramdaman ko din sa kanila ang aking pagmamahal. Dahil dito lubos ang pasasalamat ko at nabigyan ako ng pagkakataong maging isang “Ina”.



Kapag maipanganak ang bata

Kapag ipinanganak ang bata, meron iba't ibang proseso na dapat gawin sa tanggapan ng munisipyo. Sa mga batang may dayuhang nasyonalidad, kailangan na sumailalim sa mga prosesong dapat isagawa sa tanggapan ng konsulado (embahada) at tanggapan ng imigrasyon.

◆ Proseso sa tanggapan ng lokal na pamahalaan/Munisipyo

- 1 Pagparehistro/Pagpaulat ng kapanganakan • • • Sa pangkalahatan, isusumite ng ama o ng ina ng bata ang “Abiso ng Kapanganakan”(Shuusho Todokesho) sa tanggapan ng munisipyo sa loob ng 14 na araw pagkapanganak sa sanggol. Mga dapat ihanda: Muntaklat ng Ina at Bata (*Boshi techo*), “Abiso ng Kapanganakan”(Shusho Todokesho) Sertipiko ng Kapanganakan (*Shusho Shomeisho*)(binibigay sa ospital ng pinanganakan ng sanggol)
 - * Kumuha ng dalawang sertipiko ng pagtanggap ng abiso ng kapanganakan (*Shusho Juri Shomesho*) para isumite sa konsulado (embahada) at sa Tanggapan ng Imigrasyon.
- 2 Sustentong-pambata (*Jidou Teate*) • • • Ipinagkakaloob na sustento para sa mga nangangalaga sa mga bata hanggang sa junior high school na edad. (*Ang ilang mga pagbabago ay nakaeskyul na isasagawa sa loob ng taunang pananalapi sa taong 2024), Mangyaring mag aplay sa loob ng 15 na araw pagkatapos manganak.
- 3 Segurong pang-kalusugan ng mga bata (*Kenko Hoken*) • • • Kung nakapisan sa pambansang segurong-pangkalusugan (*Kokumin Hoken*) mag aplay ng kard para sa segurong-pangkalusugan ng bata. Sa kaso naman ng segurong panlipunan (*Shakai Hoken*), mangyaring hilingin sa inyong trabaho na ipisan ang inyong anak sa programang -seguro.
- 4 Subsidyong pangangalagang -medikal (pang-sanggol at bata) (*Fukushi Iryohi Josei (Nyuyoji)*) • • • Ang tiket para sa kapanganang pangangalagang-medikal ay ipinagkakaloob mula sa 0 taon gulang. Sa Prepektura ng Shiga ang mga batang bago pumasok sa mababang paaralan (mula sa kapanganakan hanggang sa unang ika-31 ng Marso pagkatapos dumating sa (6) taon gulang) ay binibigyan ng pink na tiket, upang walang sariling-bayarin sa mga gastusing-medikal na sakop ng seguro. Ang subsidyong pambatang-gastusing-medikal pagkatapos ng pag aaral ay iba-iba ayon sa munisipalidad.

◆ Pagproseso sa Embahada/ Kawanihan ng Imigrasyon.

- I-aplay ng pahintulot sa pagpapanatili (*Zairyu Kyoka*) sa kawanihan ng imigrasyon ang bata sa loob ng 30 araw pagkatapos maipanganak ito.

Mga dapat ihanda: Pasaporte ng mga magulang, residence cards, Sertipiko sa pagtanggap ng abiso ng Kapanganakan (*Shushou Juri Shomei Sho*), Sertipiko ng paninirahan(*Jumin-hyo*) ng buong sambahayan kasama pati ang mga anak.
- I- aplay ang nasyonalidad ng inyong anak upang magkaroon ito ng pasaporte sa konsulada (embahada) ng inyong bansa. Pamamaraan para sa proseso sa pag aplay bisitahin at kumpirmahin sa bawat konsulado, (embahada) ng inyong bansa.

~Para sa kapakanang-pangkalusugan ng mag ina (Anak at Ina) ~

Pagkapanganak, regular na sinusuri ang kalusugan ng mag ina (Anak at Ina). Kadalasan sa iba't ibang pagsusuri sa kalusugan, pagsasanay at pagbisita sa mga tahanan ng mag ina ay libre, kaya sulitin gamitin ang mga pagkakataong ito. Kung may mga ipinag aalala huwag mag atubiling humingi ng payo.

- Pagsusuri pagkapanganak (*Sango Kenshin*) Isasagawa ang pagsusuri sa sitwasyon ng kalusugan ng ina at bata at ang sitwasyon ng paglaki ng bata sa ospital kung saan ito ipinanganak.
- Pagbisita sa mga bagong panganak na bata (*Shinseiji homon*) Isasagawa ng isang pampublikong nars-pangkalusugan ang pagbisita sa mga tahanan may bagong panganak na ina at silang na sanggol upang alamin ang sitwasyon ng nagpapagaling na ina at ang kalagayan ng paglaki ng bata sa pagitan ng 2 buwan pagkatapos ng panganak.(ipadala sa sentro ng kalusugan (*Hoken center*) para e-aplay ang “ang papel ng kahilingan para sa pagpabisita sa mga bagong panganak na sanggol”(Shinseiji houmon iraisho) na ibinigay sa inyo kasama ng Muntaklat ng Ina at Bata (*Boshi techo*).
- Pagbabakuna (*Yobu sesshu*) 2 buwan pagkapanganak, kumunsulta sa Pedryateka (*Shonika*) upang matiyak ang eskedyul ng pagbabakuna.

Mga dapat ihanda : Muntaklat ng Ina at Bata (*Boshi techo*), Talatanungan para sa kasaysayang- medikal

★ Impormasyon para sa pagpapabakuna sa ibat ibang wika Sentro ng pagsusuri para sa pagpapabakuna



- Pagsusuring -pangkalusugan para sa mga sanggol at bata (*Nyuyoji kenshin*) na nasa 4 buwan, 10 buwan, 1 taon at kalahati, 2 taon at kalahati at 3 taon at kalahati (depende sa munisipalidad ang mga itinakdang panahon)



Mga dapat ihanda : Muntaklat ng Ina at Bata (*Boshi techo*), Papel para sa pagpapasuring medikal (*Kenshin jushinhyo*), Segurong-pangkalusugan (*Kenko hokensho*), Tiket para sa kapakanang pangangalagang-medikal (pang-sanggol at bata (*Fukushi Iryo Jukyukun*) (*Nyuyoji*)).

※Maaring may nakahanda sa ibat-ibat wika ang ilang mga talatanungan-medikal (*Monshinhyo*) mangyaring kumpirmahin ito sa panahon ng pagpareserba.

- Programang patungkol sa pagkaing-pambata (*Rinyushoku Kyoshitsu*) pag-awat sa pagsuso Isinasagawa sa bawat munisipalidad ang pag aaral tungkol sa pagkaing-pamabata (pag awat sa pagsuso). Ang mga Nutrisyunista at iba pang propesyonal para sa pang-kalusugan ay magbibigay ng gabay at sasagutin ang inyong mga katanungan at mga alalahanin. Patungkol sa pagkaing-pamabata (pag-awat sa pagpasuso), Iba-iba man ang pagkaing pambata (pag awat sa pagsuso) ayon sa bansa, kultura, Relihiyon at iba pa...maari itong makapagbigay sa inyo ng mga kaalaman.

Sumangguni lamang kung may mga alalahanin !



<p>Mga alalahanin patungkol sa paglaki at pag-unlad ng bata ...</p>	<p>Kumonsulta muna sa pagsusuri sa kalusugan ng sanggol at sa inyong doctor. <u>Sentro ng Pangangalagang -medikal ng Munisipalidad</u> <u>Sentro ng Suportang -pisikal na paghubog at pag-unlad ng Munisipalidad</u></p> <p>Polyeto para sa mga dayuhang magulang patungkol sa kapansanan sa paglaki (Sentro ng Suporta at Impormasyon para sa mga may kapansanan sa pag-unlad)</p>
<p>Mga alalahanin at nais ikonsulta patungkol sa pagpapalaki ng bata ...</p>	<p><u>Sentro ng konsultasyon para sa Pampamilya at mga Bata ng Munisipalidad</u> Mangyaring sumangguni sa tanggapan ng munisipalidad. <u>“Kokoron Dial” konsultasyon sa Telepono</u> TEL : 077-524-2030 (Sentro ng suporta para sa pangangalaga sa mga bata, maaring komonsulta sa telepono, o kaya sa pamamagitan ng personal) <u>Sentro sa Pag-gabay sa mga Bata konsultasyong-numero</u> TEL : 0120-189-783</p>
<p>Pang aabuso ba ito sa mga bata ... ?</p>	<p><u>Sentro sa Pag-gabay sa mga Batang inabuso konsultasyong-numero (Jido sodanjo gyakutai Dial</u> 「189」</p>
<p>Pansamantalang pagpapaalaga sa mga bata ... (Kinakailangan ng maagang pagpaparehistro)</p>	<p><u>Sentro ng Suportang- Pampamilya</u> Ang programang ito ay pinag-uugnay ang mga “taong nangangailangan ng tulong upang Maalagaan ang kanilang mga anak at doon sa mga taong nais mag alaga ng mga bata”, at nagbibigay ng paghatid sundo na serbisyo mula sa pasilidad sa paalagaan ng mga bata at pag aalaga din sa mga batang may karamdaman ang mga magulang.</p> <p><u>Pansamantalang pangangalagang-serbisyo (Ichiji azukari)</u> Pansamantalang pagaalaga sa mga bata sa day care center/pasilidad ng paalagan ng mga bata sa mga panahong may sakit ang magulang o may mahalagang gagawin ito</p> <p><u>Pangangalaga sa mg batang may sakit o sa mga batang nagpapagalang sa sakit</u> Kung hindi maalagaan ng mga magulang sa kanilang tahanan ang kanilang may sakit na anak, maari nilang pansamantalang mapaalagaan ito sa pasilidad ng institusyong pangangalagang-medikal at pasilidad ng paalagaan ng mga bata.</p>
<p>Nais kong paalagaan ang aking anak sa pasilidad ng paalagaan ng mga bata habang ako ay nagtrabaho ...</p>	<p>Maaring mapaalagaan ang mga bata mula 0 taon gulang sa mga pasilidad ng paalagaang-pambata, sa mga sertipikadong paalagaan at di-lesinsiyadong pasilidad na paalagaang pambata. Upang magamit ang serbisyo ng mga pasilidad na ito kinakailangang kumuha ng sertipikong-pahintulot mula sa inyong munisipalidad. Mangyaring sumangguni sa tanggapan ng munisipalidad.</p>
<p>Mag isang pinapalaki ang anak ...</p>	<p>Bilang karagadagang ayudang-pinansiyal at suporta sa trabaho, makakatanggap din kayo ng suporta para sa mga gawaing bahay at pangangalaga para sa mga bata. Mangyaring sumangguni sa tanggapan ng munisipalidad.</p>
<p>Nais kong lumabas kasama ang mga bata ...</p> 	<p><u>Sentro ng suporta para sa pagpapalaki ng mga bata pang -rehiyon</u> Isang lugar kung saan maaring magtipon-tipun ang mga magulang at mga bata para makipag ugnayan at talakayin ang mga usaping mga ipinag aalala.</p> <p><u>Sentrong -pambata Jidokan</u> Isang pasilidad kung saan sinusuportahan ang pag-unlad ng mga bata sa pamamagitan ng pampalusog na mga aktibidad.</p> <p> <u>♡ Shigakenritsu Biwako Kodomo no Kuni</u> Isa itong malaking sentrong-pambata na may maraming kagamitan sa paglalaro. 2981 Kitafunaki, Adogawa-cho Takashima-shi</p>

★Kung nahihirapan sa wika, Tumawag lamang sa 「Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Risedente ng Shiga」
TEL 077-523-564



Proyekto ng Shiga Smile Baby Touch ~Pasasalamat na Regalo~

Regalong “Pagbati at Pasasalamat” para sa mga sanggol na isinilang sa Preperaktura ng Shiga at sa mga magulang nito ay ipapadala na may kasamang mensahe na “sinusuportahan ng buong lipunan ang Panganganak at Pagpapalaki ng mga bata”.

Nararapat na makakatanggap : Mga sanggol na mababa sa 1 taon gulang

※Kailangan ng maagang pagpaparehistro



Impormasyon sa Mimitaro

★ *Ekskursiyon sa Tag-lagas!*

• **Shigaraki Tanuki No Hi** (*Pagdiriwang sa araw ng mga mapatse/racoon sa Shigaraki*)
Sa Nobyembre 8 (Miy), mapupuno ng mga palamuting nililok na hayop na rekun ang palibot ng bayan.



Shigaraki-cho Nagano

• **Estasyon ng tren sa tabing daan sa Agri Park Ryuo**
Karanasan sa pag ani ng kamote sa Oktubre at Persimon sa Nobyembre



Gamo-gun Ryuo-cho Yamanoue 6526

• **Kinoshita Kansei Ice Arena**
Mag enjoy sa paglaro ng mga isports sa pang Ice tulad ng skating



Otsu-shi Seta Oe-cho 17-3

★ *Mag enjoy sa mga dahon ng tag-lagas!*

• **Eigen-ji** (Sa templo ng Eigen)
Simula kalagitnaan ng Nobyembre ~ Unang bahagi ng Disyembre



Higashiomi-shi Eigen-ji Takano-cho 41

• **Pambansang Kayamanan, Paglilibot sa mga tanawin ng tag-lagas na mga dahon sa Konan Sanzan**

Mula Nobyembre 10 (Biyernes) ~ 30 (Huwebes)

『Zensui-ji/ Templo ng Zensui』

Konan-shi Iwane 3518

『Chouju-ji/ Templo ng Chouju』

Konan-shi Toji 5-1-11

『Joraku-ji/ Templo ng Joraku』

Konan-shi Saiji 6-5-1



• **Dahon ng Tag-lagas sa Kyorinbo**

Simula Nobyembre 1 (Miy) ~ Disyembre 15 (Biy)

Omiachiman-shi Azuchi-cho Ishidera 1145



★ **Mag enjoy sa ski !** (Mga kalagitnaan ng Disyembre), alamin muna ang sitwasyon ng niyebe/snow bago mamasyal.

• **YOGO KOGEN RESORT. YAP**
Nagahama-shi Yogo-cho Nakanokawachi 373



• **KUTSUKI SNOW PARK**
Takashima-shi Kutsuki Miyamaebo 180-1



• **KUNIZAKAI KOGEN SNOW PARK**
Takashima-shi Makino-cho Noguchi



• **HAKODATEYAMA SKI RESORT**
Takashima-shi Imazu-cho Hiokimae



• **BIWAKO VALLEY**
Otsu-shi Kido 1547-1



• **GRANSNOW OKUIBUKI**
Maibara-shi Kouzuhara Okuibuki



Balita sa Mimitaro

★ *Silid-aralan “Pagpapabuti ng kakayahan sa Nihongo Para sa Trabaho/JICE” (Libre)*

Aplikasyon: Hello Work

• **Konan-shi Kosei Bunka Hall**

Nobyembre 29 (Miy) ~ Pebrero 28 (Miy)

Pang-gabi Antas 1

• **Moriyama-shi Moriyama Eki-mae Sogo Annaijo** (sa harap ng moriyama stn. General Information office)
Nobyembre 21 (Mar) ~ Pebrero 16 (Biy) Pang-gabi

Antas 2

• **ONLINE**

Nobyembre 20 (Lun) ~ Pebrero 13 (Mar) Pang-gabi

Antas 3

Nobyembre 14 (Mar) ~ Pebrero 6 (Mar) Pang-gabi

Antas 2

★ *Umpisahan! Maikling panahong pag aaral sa Nihongo sa Hino-cho “Pang-gitnang Kurso”*

• Nilalaman ng aralin: Mga salitang ginagamit sa pang araw-araw na pamumuhay

• **Panahon ng pag aaral:** Nobyembre 8 ~ Disyembre 27
Tuwing Miyerkules 6:30pm ~ 8:10pm

• **Lugar:** Hino Kouminkan (Hino Community Center)
(Hino-cho Nakamichi 2-chome 12-banchi)

• **Maaring sumali:** 16 taon gulang pataas, hindi pa nakapag aral ng Nihongo

• **Matrikula:** 1000 Yen (Bayad para sa gagamiting textbooks)

• **Hangganan ng aplikasyon:** Oktubre 13 (Biy) Pagkatapos ng aplikasyon itsetsek ang antas ng kakayahan



『Info』 Shiga-ken Chiiki Nihongo-Kyoiku

Suishinjigyo Jimukyoku (Shiga-YMCA)

Email: nihongo-suishin@shigaymca.org

Tel (wikang hapon lamang): 0748-33-2420



★ 『Patnubay sa pagpili ng karera』 para sa mga magulang at mga batang may dugong dayuhan

Mayron din konsultasyon patungkol sa pahintulot sa pananatili/Visa sa kawani ng imigrasyon!

• **Petsa at Oras:** Oktubre 22 (Lin) 13:30 ~ 16:00

• **Lugar:** 『GNET-Shiga』 Dai-hall (malaking bulwagan) (Omiachiman)

• **Maaring sumali:** Mga batang may dugong dayuhan at sa mga magulang nito (mula baitang 5 sa elementarya hanggang Junyor Hayskul)

『Info』 Shiga Intercultural Association for Globalization
Tel 077-526-0931

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601

Email : mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa Buwan ng Enero